www.kidworship.kr

# Ang tore ng babel

– 5th Story–



29Page

N A R Maraming araw ang lumipas simula ng bumaha at magawa ang arko ni Noah. Si Noah ay nag karoon ng maraming supling at iisa ang kanilang lengguaheng kanilang ginagamit. Nang sila'y lumipat sa silangang bahagi ng shinar sila ay naglagi na roon.

**Isang lalaking nagtaas ng amay** "Oh! Ginang Garcia! Nakapag benta kaba ng maraming pomegranata?"

**Babaeng naka dilaw na sombrero** "Oh! Ginoong Carlos! Hindi lahat. Matumal ngayong araw." Hahahaha~~~

N A R Sa pagdami ng tao, lumalaki din ang kanilang bayan. Gumawa sila ng bahay na yare sa bato at sagana sila sa kanilang kakainin.

**Lalaking naka kulay lilang damit** "Subukan kaya nating gumawa ng malaing toreng gamit ang mga batong ito?"

N A R Sa Pag tanda ng mga tao, mas nagiging tuso sila. Ang kanilang puso ay nag umpisang balewalain ang Panginoon.



30Page

**Isang lalaking nagtaas ng kamay** "Gumawa tayo ng isang malaking gusali na magiging pinakamataas ditto sa mundo. Walang sino man ang maaaring manakit satin kapag mayroon tayo ng ganoong kalaking toreng at maari atyong maging kasing lakas ng Panginoon."

**Babaeng nakasuot ng damit na kulay rosas** "Tama, kahit ang Panginoon ay hindi tayo kaagad kayang parusahan."



31Page

N A R Ang mga tao ay mas naging sakim at nag umpisang gumawa ng napakalaking tore. Inumpisahan na nilang gawin ang isang tore na kasing taas ng langit.

T a o "Mas mataas pa! taas! Dali~~ langi----yo! Eto na! Ang dulo ng kalangitaan ay aming nasisilayan na! Himala!"

N A R Hindi tinanong ng mga tao ang Diyos kung Siya ba ay nasi-sisyahan sa toreng kanilang ginawa. Lumaki silang mapag-mataas at walang takot sa Diyos. Sa araw araw, ang tore ay lalo pang tumaas. Nakita ng Diyos ang tore, na ginagawa ng mga tao at hindi siya nasiyahan dito. Kung kayat ang Diyos ay ginulo ang kanilang mga salita upang hindi nila maintin-dihan ang bawat isa.



32Page



33Page

**Lalaki1** “Ibigay mo sa akin ang martilyo!”

**Lalaki2** “Ano? Anong sinabi mo?”

**Lalaki1** “ano? Anong pinagsasabi mo? Ang sabi ko I abot mo sa akin ang martilyo!”

**Lalaki3** “Wacka, wacka, koo koo??”

**Lalaki4** “Horollo hollollo~~~~.”

**Lalaki5** “Ano ba ang ingay na iyan? Ano ang nagyayari?”

**Lalaki6** “Bbu hao! Bbu hao! Nani?? Nani??”

.........................................................................................................

**N A R** Hindi na nag kaintihan ang mga tao. Lumaki ang hindi nila pagkakaintindihan at nag karoon ng away. Hindi na kayang magtrabaho nang samsama ang mga tao, itinigil na rin nila ang tore kanilang ginagawa at tuluyan na itong nasira.

At noong mga oras ding iyon ay kanilang napag isipisp na tunay ngang napaka husay ng Panginoon.

Ang tore ay tinawag nilang “Tore ng babel” at hindi na ito natapos.